

Protektahan ang Sarili:

Mga Kemikal na Panlinis at Iyong Kalusugan



Ang paggamit ng mga kemikal na panlinis ay maaaring magdulot ng:

- Pag-ubo
- Paghuni
- Mapula, Makating mga Mata
- Pamumutlig ng Balat
- Pagkasunog ng Balat at Mata
- Pagkahapo
- Pananakit ng Lalamunan
- Mga Pananakit ng Ulo o Pagkahilo
- Mga Balinguunguy
- Hika

Kung ikaw ay mayroong mga problemang pangkalusugan na sa iyong palagay ay dulot ng paggamit ng mga kemikal na panlinis, sabihin sa iyong superbisor at hilingin na magpatingin sa isang doktor.

Ano ang Kailangan Mong Malaman

Huwag haluin ang mga produktong panlinis na naglalaman ng bleach at amonya. Mga gas na mapanganib ay maaaring mapakawalan at maaaring magdulot ng malalang pinsala sa бага.

Ang iyong pinagtatrabahuhan ay kailangang maglaan ng isang ligtas na lugar ng trabaho na mayroong:

- Sapat na bentilasyon (daloy ng hangin) kapag gumagamit ng mga kemikal na panlinis.
- Pamproteksiyong damit, guwantes at mga pangkaligtasang kasuotan sa mata, kapag kailangan.
- Mga etiketa sa mga sisidlan ng mga kemikal na panlinis.
- Pagsasanay ukol sa mga peligro ng mga kemikal na panlinis na iyong ginagamit at mga ligtas na kasanayan sa trabaho.

Ikaw ay nararapat na sanayin ng iyong pinagtatrabahuhan na:

- Alamin ang mga peligro ng mga kemikal na panlinis BAGO ito gamitin.
- Alamin kung paano gumamit at mag-imbak ng mga kemikal na panlinis nang ligtas.
- Alamin kung paano at kailan palalabnawin ang mga kemikal na panlinis na iyong ginagamit.
- Alamin kung ano ang gagawin kapag may natapon o ibang emerhensiya.
- Alamin kung paano kumuha at gumamit ng impormasyon sa peligro sa mga etiketa at mga papel ng mga datos ukol sa kaligtasan ng materyal (material safety data sheets, MSDS).
- Alamin kung paano at kailan gagamit ng pamproteksiyong damit, guwantes at mga pangkaligtasang kasuotan sa mata.

Tandaan

- Hugasan ang iyong mga kamay pagkatapos gumamit ng mga kemikal na panlinis at bago kumain, uminom, o manigarilyo.

Mga Luntiang Panlinis

Ano ang mga iyon?

- Mga produktong panlinis na sertipikado ng mga independiyenteng organisasyon bilang mas ligtas na gamitin at hindi kasing mapinsala sa iyong kalusugan at sa kapaligiran.
- Ang mga panlinis na may "luntian" sa kanilang pangalan ay hindi nangangahulugang ang mga ito ay sertipikado.

Mabisa ba sa Paglilinis ang mga Luntiang Panlinis?

- Marami ang nakaabot sa mga pamantayan sa pagganap para sa nilalayong paggamit nito.
- At, maraming mga luntiang panlinis ang "walang-amoy" ngunit mabisa pa ring nakakalinis. Ang "Malinis" ay walang amoy!

Paalala sa Kaligtasan

- Maaaring kailanganin mong gumamit ng pamproteksiyong damit, guwantes o pangkaligtasang kasuotan sa mata sa ilang mga sertipikadong luntiang panlinis. Tanungin ang iyong empleyado.

Ang gabay na dokumentong ito ay hindi isang pamantayan o regulasyon ng OSHA ngunit naglalaman ng mga rekomendasyon na may uring pagpayo at layuning tumulong sa mga nag-eempleyo at mga manggagawa sa paglalaan ng isang lugar ng trabaho na ligtas at mabuti sa kalusugan. Ang pagbanggit ng anumang hindi pampamahalaang organisasyon sa dokumentong ito ay hindi paghirang ng isang endorso ng NIOSH o OSHA sa organisasyong iyon, mga produkto o mga serbisyo nito.

